
LEVEL
3


# Leveled Reader
## in Filipino

# Si Tessie at ang Punong Umaawit





Isinulat ni Kenneth Youngstein


Iginuhit ni Debbie Faber-Human



Lakbayin ang maputik na daanan
at pagkalampas sa maliit na
puting simbahan ay darating ka
sa isang asul na bahay na may
pulang bubong at berdeng pinto.




Dito nakatira si Tessie, ang kaniyang kapatid na lalaki na si Bong, at ang kanilang Lola.




Si Lola ay nasa kusina habang nagluluto ng hapunan. Mula sa bintana ay natatanaw niya si Bong at ang ibang batang naglalaro. Pero, nasaan si Tessie?




Nagpasya si Lola na hanapin
si Tessie. Hinubad niya ang
kaniyang *apron* at hinanap ang
kaniyang apo.



Nakita ni Lola si Tessie na nakaupo sa lilim ng isang malaking puno habang nilalaro ang kaniyang manika.




“Bakit nag-iisa ka lang dito?”
tanong ni Lola.
“Kasi po ayaw ng ibang bata na makipaglaro sa‘kin,” malungkot na sagot
ni Tessie.




“Bakit hindi ka makipaglaro sa iyong kaibigan na si Susan?” tanong ni Lola.


“Nagtatampo sa akin si Susan,” pagtatapat ni Tessie. “Ang sabi niya, ‘di ko raw siya pinansin noong nakaraang linggo. Lola, hindi ko po talaga siya nakita.”




“Kung makipaglaro ka na lang sa kapatid mo?” mungkahi ni Lola. “Ayaw rin ni Bong na makipaglaro sa akin,” matamlay na tugon ni Tessie. “Hindi ko raw natatamaan ang bola sa tuwing sinisipa niya ito papunta sa akin.”




“Hindi ka ba nalulungkot?” tanong ni Lola.
“Hindi naman po,” sagot ni Tessie. “Gustong-gusto kong umupo rito habang pinakikinggan ang pag-awit ng mga sanga. Pakinggan mo. Naririnig mo po ba?”




Nakinig si Lola at agad na tumingala sa mga sanga. Doon nakita niya ang mga ibong maya, bato-bato, at kilyawan na aliw na aliw sa pag-awit.




Naalala ni Lola ang sabi ng guro ni Tessie na nahihirapan itong basahin ang nakasulat sa pisara. Kaya, agad na dinala ni Lola si Tessie sa malapit na klinika.




Naabutan nila sa klinika si Dr. Noli. Gamit ang isang kamay ni Tessie, pinatakpan ng doktor ang isang mata nito at pinatingnan ang nakasulat sa dingding sa harap nito. Tinanong ng doktor si Tessie kung ano ang nakasulat sa dingding.




Matagal na tinitigan ni Tessie ang nakasulat sa dingding, “May nakikita po ako, pero hindi ko alam kung ano ang mga ito.”




Ipinatong ni Dr. Noli ang isang metal na *frame* sa ilong ni Tessie. Pagkatapos ay nilagyan niya ng bilog na salamin ang frame at muling tinanong si Tessie, "Ngayon, ano ang nakikita mo?"




“Nakikita ko na lahat!”
Tuwang-tuwa si Tessie.
“Nakikita ko ang letrang E, F, at P, kahit pa ang maliliit na mga letra gaya ng P, Z, at D.”
“Tama,” sagot ni Dr. Noli.
“Kailangan mo ng mga salamin upang makakitang muli nang maayos.”




Matagal na tinitigan ni Tessie ang nakasulat sa dingding, "May nakikita po ako, pero hindi ko alam kung ano ang mga ito."




Ipinatong ni Dr. Noli ang isang metal na *frame* sa ilong ni Tessie. Pagkatapos ay nilagyan niya ng bilog na salamin ang frame at muling tinanong si Tessie, "Ngayon, ano ang nakikita mo?"




“Nakikita ko na lahat!”
Tuwang-tuwa si Tessie.
“Nakikita ko ang letrang E, F, at P, kahit pa ang maliliit na mga letra gaya ng P, Z, at D.”
“Tama,” sagot ni Dr. Noli.
“Kailangan mo ng mga salamin upang makakitang muli nang maayos.”




Agad na dinala ng nars sina Tessie at ang kaniyang Lola sa kabilang silid kung saan nakalatag ang mga estanteng puno ng mga salamin sa mata. Pinili ni Tessie ang isang pares ng salamin na may matingkad na pulang frame. “Mainam iyan,” sabi ng kaniyang Lola.



Pagkalipas ng isang linggo ay bumalik si Tessie at ang kaniyang Lola sa klinika ni Dr. Noli. Sinukat ni Tessie ang bago niyang salamin. Pinatingin ni Dr. Noli si Tessie sa labas ng bintana at tinanong kung ano ang mga nakikita nito.




“Nakikita ko ang mga tao at ang munting aso. May munting ibon na kulay itim sa bubong ng bahay na iyon,” turo ni Tessie.




“Tessie,” paalaala ni Dr. Noli, “ipangako mo sa akin na isusuot mo ang salamin na ‘yan araw-araw.”

“Opo,” sagot ni Tessie. “Ipinapangako ko po. Gustong-gusto ko po ang lahat ng mga bagay na nakikita ko.”




Habang naglalakad pauwi si Tessie at ang kaniyang Lola, nakita ni Tessie si Susan sa kabilang bahagi ng daan.


"Susan!" bati ni Tessie. Kumaway siya kay Susan. Ngumiti naman si Susan at kumaway pabalik.



Bago makarating si Tessie at ang kaniyang Lola sa kanilang bahay ay nakasalubong nila ang mga kaibigan sa paaralan ni Tessie. “Naku, Tessie,” sabi ng isang babae, “Gusto ko ang bago mong salamin.




“Bagay na bagay sa iyo ito,” saad naman ng isang lalaki.




Biglang may bolang gumulong papunta kay Tessie. Bola ito ni Bong. Agad namang sinipa ni Tessie ang bola pabalik.

"Gusto mo bang makipaglaro?" tanong ni Bong.

"Oo," agad na sagot ni Tessie, "pero may mas mahalagang bagay pa akong gagawin."



Nagpunta sa likod ng bahay
si Tessie at umupo sa lilim ng
malaking puno.
Nang tumingala siya ay nakita niya
ang mga ibong maya, bato-bato,
at kilyawan.



“Maraming salamat, kaibigang puno. Maraming salamat sa palaging pag-awit sa akin.”

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION
USAID
FROM THE AMERICAN PEOPLE
RTI
INTERNATIONAL
The Asia Foundation